MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA



PARA SAAN?

TOMO XLVI BLG. 1 | PEBRERO 2022

MULA SA PATNUGUTAN

PATNUGUTAN

DAREENNE REIGNE C. BRAZIL, AB POS-MPM '23
PUNONG PATNUGOT

ANGELA BIANCA Y. LEE, AB DIPIR '23
KATUWANG NA PATNUGOT

MARCIAL RAJAH P. FERNANDO, AB POS '23
NANGANGASIWANG PATNUGOT, TAGAPAMAHALA NG PROYEKTO

RIGO LAMBERT I. CRUZ, BS LM '22
PATNUGOT NG SULATIN AT SALIKSIKAN

DANA MIKAELA PALAD, BS POS '23
KATUWANG NA PATNUGOT NG SULATIN AT SALIKSIKAN

ELLA JOY B. SARMIENTO, AB DIPIR '23
KATUWANG NA PATNUGOT NG SULATIN AT SALIKSIKAN

KATRINA MAE D. LLORENTE, AB DS '23
TAGAPAMAHALA NG SOCIAL MEDIA

CHRISTIAN F. DASALLA, BS MIS-MSCS '24
KATUWANG NA PATNUGOT NG SOCIAL MEDIA AT PROYEKTO

BAGWISAN NG SULATIN AT SALIKSIKAN
JOHN RELLY ADLAWAN, MARIA ANGELICA AGUILAR, MYRA JOANNA ARCE, CHARLES IAN D. BUHAY, SHERIS ANGEL P. CASURAO, PETER LOUISE GARNACE, GINO MARTELLI O. GOCON, DENISE REGINA LAO, ASHLEY LUMAUIG, TRISHIA ANNE MANALANG, NICOLE MADRILEJO, IAN MIRANDILLA, MARIA BEATRICE MISA, VALERIE APRIL A. MORDEN, HEN NAMOCA, RONALYNN C. NAVOR, IVAN ANGELO C. PAGUNTALAN, CHARLES EDMON S. PEREZ, DIANNE MARIE R. RAMOS, VERKYLE ANGELO REYES, LEAN CONCEPCION ROSENDO, FRANCESCA YSABEL SANCHEZ, MARY ANJANNETTE C. SANTOS, KHRYSTYL JADE T. TUDAS

BAGWISAN NG SINING
KEVIN BRYCE J. CASTRO, LUIS MIGUEL CHANGCO, ALDRIN S. NUNAG, MIGUEL HONORIO P. REYES, MARTINA JOANNA SALAMERO

BAGWISAN NG DISENYO
MARIA ANGELICA AGUILAR, REINE BRIOSO, KEVIN BRYCE J. CASTRO, NICOLE MADRILEJO, ALDRIN S. NUNAG, IVAN ANGELO C. PAGUNTALAN, MIGUEL HONORIO P. REYES, MARTINA JOANNA SALAMERO

BAGWISAN NG SOCIAL MEDIA
JOHN RELLY ADLAWAN, LANCE AREVADA, TRISHIA ANNE MANALANG, DARRELL ANGELO L. NATIVIDAD, MARIA SOPHIA ANDREA ROSELLO, FRANCESCA YSABEL SANCHEZ

BAGWISAN NG PROYEKTO
REINE BRIOSO, SHERIS ANGEL P. CASURAO, MARIA BEATRICE MISA, HEN NAMOCA, RONALYNN C. NAVOR

BAGWISAN NG PANDAYAN
GINO MARTELLI O. GOCON, ASHLEY LUMAUIG, DIANNE MARIE R. RAMOS, VERKYLE ANGELO REYES, LEAN CONCEPCION ROSENDO, KHRYSTYL JADE T. TUDAS

TAGAPAMAGITAN
DR. ANNE LAN K. CANDELARIA
KAGAWARAN NG AGHAM PAMPOLITIKA

PARA SAAN ANG ATING BIYAHE?

Ilang buwan makalipas ang pagpatak ng 2022, muli nating balik-tanawan ang huling buwan ng 2021. Dalawang pasko na ang iginugugol ng mundo sa ilalim ng pandemya—ilang mga tradisyon na ang nagbago at ilang paghihirap na ang umigting. Kung dati ay puno ng kumikislap na ilaw at umaalingawngaw na tawa ang bawat sulok ng bansa, ngayon ay puno na ito ng face masks, social distancing, at pangamba. Bagaman nakalalabas naman na ang mga mamamayan kahit papaano, iba pa rin ang ligaya at kalayaang dala ng panahong wala pa ang COVID-19 sa bansa—iba pa rin kapag harap-harapan mong nakikita ang ngiti ng iyong kapwa.

Ngunit sa kabila ng mga nagdidilim na araw, marami pa rin ang mga nagpapatuloy sa biyahe ng kanilang buhay. Kitang-kita ito sa mga pawisang Pilipinong sumasakay sa dyip. Kahit na pagod at nanlalagkit, patuloy pa rin ang kanilang pagbiyahe upang makarating sa kanilang destinasyon. Mahalaga ring bigyang-pansin ang katotohanang iba't ibang klase ng tao ang sumasasakay at bumibiyahe sa dyip. Sa dinami-rami ng mga pasahero nito sa bawat ruta, maipagpapalagay talagang marami itong baong kuwento—mula sa mismong tsuper ng dyip hanggang sa mga pasaherong manikurista o Lumad. Kaya naman para sa pakikisalamuha sa ating kapwa, tunay na isa sa mga magagandang lugar ang dyip.

Sa bagong regular na isyu ng Matanglawin, inihahandog ng publikasyon ang kuwento ng mga regular na mamamayang nagsisikap na ipagpatuloy ang kanilang biyahe sa buhay. Saan kaya tayo dadalhin ng biyaheng ito?

Halina't bumiyahe!

ANG ALAMAT NG BOBOTANTE

NI RIGO CRUZ

Huling umugong ang salitang “bobotante” matapos ilabas ang partial unofficial results noong 2019 midterm elections. Malaki ang kaibahan ng resulta ng mga survey sa social media kumpara sainilabas na datos ng Commission on Elections. Naging frontrunner at tuluyan ngang nahalal ang mga kandidato ng administrasyon samantalang bigo namang makakuha ng puwesto sa Senado ang oposisyon sa unang pagkakataon mula 1938. Hindi na nakapagtataka kung bakit panaghoy ng ilan na siyasatin ang “7-hour glitch” sa transmisyon ng boto o tuklasin ang sanhi ng anomalya, kung mayroon man.

Naging mala-sabungan naman ang social media sa balitaktakan ng mga tagasuportang may kaniya-kaniyang manok na nais magwagi. Hindi rin naman naiwasang mamutawi ang katagang “bobotante” sa paghahayag ng panghihinayang, pagkalumo, at pagkayamot ng iilan. Ngunit bago ang lahat, sino at saan nga ba nagmula ang mga bobotante?

Isang portmanteau ng salitang “bobo” at “botante”, agarang mababatid na ang sinasaklaw ng insultong ito ay ang sinomang hindi makatuwiran at maledukado sa pagpipili ng mga mamumuno. Kung titingnan ang listahan ng mga nanunungkulan mula sa lokal hanggang sa mga pambansang puwesto, mahihinuha na marahil hindi na pinahahalagahan ng mga Pilipino ang kuwalipikasyon at karanasan. Nagmimistulang baitang na nga lamang ang showbiz at sports sa pampulitikang karera ng maraming nanunungkulan. Mayroong boksingero, basketbolista, action star, singer, news anchor, at komedyanteng sapul ang pulso ng masa kaya pawang nagiging tiyak na ang puwesto sa pamahalaan. Saksi ang kasaysayan sa katotohanang hindi palaging masasalin ang karisma, talento, o itsura ng mga hinalal na pinuno sa tiyak at napapanatiling pag-unlad ng bayan.

Isang bahagi na rin ng pagkasadlak ng bansa sa iba’t ibang panlipunang karamdamang pinaigting ng pandemya ang kakulangan ng tapat at maasahang lingkod-bayan. Dahil dito, hangad ng ilan na gawin nang rekisito sa pagrehistro ang educational background nang sa gayon umano ay masala ang mga bobotante at matiyak na may intelektuwal na kapasidad ang mga rehistradong botante. Madaling ibunton ang sisi sa mga botanteng paulit-ulit na hinahalal, sinusuportahan, o sinasamba ang mga hindi kuwalipikadong kandidato kung saan may tunguhing sabihing tila nga hindi na natuto ang mga binansagang bobotanteng ginigisa sa sariling mantika subalit tamad, mababaw, at tunay na elitista ang ganitong pag-iisip.

Sa kaniyang librong pinamagatang *The Myth of the Rational Voter: Why Democracies Choose Bad Policies*, pinabulaanan ng ekonomistang si Bryan Caplan ang paniniwala sa isang makatuwirang botante. Unang iginiit ni Caplan na kalimitang hindi makatuwiran ang proseso ng pagboto, hindi lamang rason, lohika, at katotohanan ang isinasaalang-alang ng mga botante.

Lingid sa kaalaman ng karamihan, malaki rin ang gampanin ng pagpukaw sa damdamin, mga ideyolohiya, at paniniwala ng mga kandidato sa kanilang kalaunang pag-upo sa kapangyarihan. Pangalawa, desinteresado umano ang mga botante sa mga isyu at usaping hindi naman mahalaga para sa kanila. Patunay sa mga kaisipang nilatag ni Caplan ang patuloy na pagtangkilik sa mga papyulistang may mabubulaklak na pangako o mga laki sa hirap kaya alam umano ang hinahangad ng masa. Kabaliktaran ang kapalaran ng ilang mga kandidatong bigo pa ring mapabilang sa magic 12 ng masa kahit gaano pa kalinaw at kapragmatiko ang kanilang mga plataporma.

Hindi mapagkakailang likas na nanghahati ang balangkas ng politika at pamumulitika sa bansa. Marahil “bobotante” para sa atin ang kung sinomang hindi kaisa ng ating pinaniniwalaan at sinusuportahan. Gayunpaman, elitista at mapagmataas ang pag-atang ng insultong bobotante sa kapwa. Makitid ang pinanggagalingan nito kaya hindi isinasaalang-alang ang mga iba’t ibang salik na nakakaimpluwensya sa pagboto. Sa likod ng paniniwala ng mga bobotante ay ang patong-patong na suliranin ng lipunan na siya namang humuhubog at nagdidikta sa takbo ng bawat halalan. Nangungunang salarin ang bulok na sistema ng edukasyon na hindi nagkakandili ng kritikal na pag-iisip kung kaya’t madali silang maakit at maniwala sa mga walang laman na mga pangako. Kaakibat na rin nito ang malawakang kahirapan na siya namang nagbibigay-daan sa pagbili ng boto.. Marahil dagdag na rin sa mga salik na nakaapekto sa kalidad ng mga botante ang disinformation sa panahon ng teknolohiya o social media.

Huli at pinakamahalaga, dapat mabatid na ang binoboto ng sinoman ay kumakatawan sa kaniyang mga suliranin, pangarap, paniniwala, at paninidigan. Hanggang marami pa rin ang sadlak sa kahirapan at kriminalidad, patuloy pa ring mamamayagpag ang mga pulitikong may kamay na bakal o ang mga nangangakong magpapapababangon muli mula sa walang katapusang pagkasadlak ng bayan.



PA



Buena mano sa taong 2022 ang mabilis na namang pag-akyat ng bilang ng kaso ng COVID-19 bunga ng pagpasok ng omicron variant ng naturang virus sa bansa. Nakapagtala na ng mababang bilang ng kaso noong mga buwan ng Nobyembre at Disyembre 2021, ngunit umabot na agad ito sa sampu hanggang dalawangpung libong kaso sa loob lamang ng isang linggo.. Nagtulak ito sa muling pagbukas ng talakayan ukol sa mga kakulangan sa pagtugonng gobyerno ngayong pandemya. Alinsunod nito, ipinatupad noong ika-17 ng Enero 2022 ang polisiyang "No Vaxx, No Ride" sa mga rehiyon at lungsod na nasa ilalim ng Alert Level 3. Naging kontrobersyal itong usapin matapos itong umaning pambabatikosmula sa mga mamamayang tutol sa polisiyang ito. Marami rin naman ang sumang-ayon sa paniniwala na ito ang makabubuti para sa lahat. Sa kabila nito, nangungunang katanungan pa rin sa isyung ito kung tama nga ba ang solusyong ito o isa na naman ito sa mga hakbang ng gobyerno na walang konsiderasyon sa mga mamamayang tunay na apektado.

Ayon kay DILG Undersecretary Jonathan Malaya, magkakaroon lamang ng tatlumpung (30) araw na palugit para sa mga hindi pa rin bakunado at kulang pa ng kanilang second dose bago tuluyang ipatupad ang full implementation ng polisiyang *"No Vaxx, No Ride"*. Alinsunod sa polisiyang ito, ang mga lugar na kasalukuyang nasa ilalim pa rin ng Alert Level 3 ay pinahihintulutan nang hulihin at pagmultahin ang mga kulang at wala pa ring bakuna simula Pebrero 26. Ilan sa mga maaari pa ring sumakay sa pampublikong transportasyon ay ang mga essential workers, may mga kundisyong pangmedikal, at mga papunta sa vaccination center upang makapagpabakuna.

Giit din ni Malaya na may kapangyarihan o police power ang estado na isulong ang kabutihan ng nakararami sa pagbabawal o pagsasaayos ng paggamit ng kalayaan at ari-arian (liberty and property). Para sa mga sumasang-ayon sa polisiya, mainam itong paraan upang matigil ang patuloy na pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa. Higit pa rito, hindi naman din daw ito mapang-api sa mga kulang at wala pang bakuna sapagkat naniniwala silang mas nakabubuti ito para sa kanilang mga mas delikado kung tamaan ng sakit.

Sa kabilang banda, ang mga tumututol naman sa polisiyang ito ay nagsasabing inaapakan nito ang kalayaan ng mga mamamayang makapagpasya para sa kanilang sarili Sinasasabi ring walang konsiderasyon ang naturang polisiya sa mga mahihirap sapagkat sila ang mga kadalasang gumagamit ng pampublikong transportasyon at tunay na maaapektuhan ang kanilang kabuhayan kung hindi makararating sa kanilang destinasyon.

Solusyon o Diskriminasyon?

MPUBLIKONG TRANSPORTASYON PARA LAMANG SA MGA BAKUNADO

NI KATRINA LLORENTE



Isang halimbawa ng mga tumutol sa polisiyang ito ay si Aling Gemma. Sa isang panayam, inilabas niya ang kaniyang saloobin at ipinahayag ang kaniyang galit sa mga ipinapatupad na patakaranng gobyerno na nakaaapekto sa kanilang kabuhayan. Aniya,

"Nagtiyatiyaga akong magtinda, hindi ako umasa sa putanginang SAP nila. [N]agtitinda ako ng balut para may pambayad ako ng ilaw at tubig kasi ang putanginang MERALCO na 'yan kahit pandemic taas nang taas ng [rate]. Alam mo ang atupagin nila 'yung MERALCO hindi 'yung kung anu-anong katarantaduhan ang ginagawa nila habang nakaupo sila..."

"Alam mo 'yung iba na 'yan, nagpapa-vaccine lang 'yan dahil iniipit sila sa trabaho. Kung hindi sila magpa-vaccine mamamatay sila sa gutom kaya tiniis nila na magpa-vaccine. Pero sa totoo lang walang [may gusto] sa vaccine kasi ang COVID na yan hindi totoo, pinaghahanapbuhayan lang nila." dagdag niya pa.

Matapos mag-viral ng kaniyang video ay hinabol naman siya ng mga pulis at inakusahang "dilawan" na nagdala sa kaniya ng takot na lumabas- na lalo pang nakaapekto sa kaniyang kabuhayan. Sa isa pang panayaman ipinaliwanag ni Aling Gemma ang kaniyang hinanakit

"Noong pinatupad niyo 'yung No Vaccine, No Ride" at hindi po [ako] makapasok sa palengke, sumama po talaga ang loob ko kasi 'yung taong iniidolo ko 'yun pa ang nagpapahirap sa akin."

Bagaman umani ng maraming kritisismo ang kontrobersyal na sinabi ni Aling Gemma sa kaniyang unang panayam, sumasalamin pa rin ang kaniyang saloobin sa kakulangan ng estado na bigyan pa ng komprehensibong kamalayan ang karamihan sa sitwasyon ng pandemya at ang lagay ng bansa sa pagharap dito. Ang dapat pakinggan sa kaniyang mga sinabi ay ang kakulangan ng access sa impormasyon at iba pang tulong na kailangan ng mga mamamayan habang humaharap sa krisis na ito. Dagdag pa ni Aling Gemma sa kaniyang ikalawang panayam,

"Paano naman po 'yung mga bayaran namin sa bills? Yung 8,000 na 'yan na pinamigay ng pangulo wala po akong natanggap [diyan]. Kaya napakasakit sa side ko na 'pag dating sa ayuda may pinipili. 'Pag dating sa virus, 'pag dating sa apektado, lahat kami apektado... Naglakas loob ako, pangulo, na magsalita dahil gusto kong iparating sa 'yo, parang awa mo na, 'wag niyo kaming i-discriminate na mga walang vaccine kasi para ho kaming kriminal na nagtatago."

Sa kabila ng isyung ito, makikita ang matindi pa ring pangangailangan sa paghahatid ng impormasyon ukol sa bakuna at sa kabuuan ng pandemya. Dagdag pa rito, nananatili pa ring panawagan ng karamihan ang malawakang mass testing at contact tracing na pinakainaasahang hakbang upang matugunan ang paulit-ulit na pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa tuwing may panibagong variant na kumakalat. Kasabay na rin dito ang pamamahagi ng ayuda sa tuwing naaapektuhan ang pagkilos at kabuhayan ng mga mamamayan tuwing lockdown. Bagaman may ambag ang mga solusyon katulad ng polisiyang ito, mayroon pa ring mas nakabubuting paraan na inklusibo sa lahat lalo na sa mga naghihirap na masa.

“ Noong pinatupad niyo ‘yung No Vaccine, No Ride”
at hindi po [ako] makapasok sa palengke,
sumama po talaga ang loob ko kasi ‘yung taong
iniidolo ko ‘yun pa ang nagpapahirap sa akin. ”

- Aling Gemma



MGA NILALAMAN

1. PUHUNANG DELATA
2. KISLAP NG PAG-ASA: ANG HILING NG TRANSPORT COMMUNITY
3. KANDILANG UPOS
4. SINTURON NI HUDAS
5. ANG MALAGIM NA PANIG NG PASKO
6. PAGPAPABAKUNA: MAGANDANG REGALO NGAYONG PASKO
7. LIGAYA SA GITNA NG PASKO AT PANDEMIYA
8. CHRISWHAT SEASON: PASKO SA MATA NG IBANG RELIHIYON

PARA SA?

PEBRERO 2022







PUHUNANG DELATA

Ang Jeep, Ang Aktibista, at ang Kamara

SULAT NI **CHARLES PEREZ**
SINING AT LAPAT NI **ANGELICA AGUILAR**

Sumisipol ng mga kantang pamasko ang tsuper habang nagmamaneho sa panghuling kanto ng kaniyang ruta bago bumalik muli upang magsakay. Alas-nuwebe na ng gabi at marami sa mga taong hinahatid niya ay naghahanda na para sa nalalapit na selebrasyon ngunit ang tsuper ay nanatili sa pagmamaneho. Batak sa pawis mula sa labing dalawang oras ng pamamasada, binilang ng tsuper ang mga baryang naipon mula sa kaniyang lata. Dalawang-daan ang laman. Sa isip ng tsuper ni hindi mapambibili ng isang kilong bigas o mga tirang baboy sa palengke ang ganiyang halaga. Patuloy ang pamamasada ng tsuper.

Tila isang sampal sa mukha ng tsuper ang selebrasyon at paputok. Bagaman dadalhin ka nito sa kahit saang punto man ng kaniyang ruta ng walang reklamo, ang buhay ng tsuper ay kasing gulo ng trapiko na binabagtas niya sa pang-araw-araw na pamamasada. Puno ng kalyo ang mga kamay habang nakatitig sa aspaltong daan, naghihikahos ang tsuper sa kaniyang pang-araw-araw na buhay sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon. Nang magtanong ang isa sa mga pasahero, ang pangalan daw ng tsuper ay Elmer Cordero, ngunit mas kilala sa ngalang Tatay Elmer. Si Tatay Elmer, edad 72, ay isang miyembro ng kilusang PISTON na isang kumpol ng mga tsuper ng Jeep na nagsasagawa ng mga kilos protesta upang iparinig ang kanilang mga hinaing. Sangkot si Tatay Elmer sa tinaguriang PISTON 6 kung saan hinuli ng estado ang anim na aktibista ng PISTON matapos magsagawa ng kilos protesta (Rey, 2020).


Bagaman nakalaya din si Tatay Elmer, ang karanasan niya sa likod ng mga rehas ng selda ay sumasalamin sa pasistang pamamahala sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Dagdag pa rito, ipinapakita rin nito ang lantarang pagpapatahamik ng estado sa tinig ng mga marhinalisadong grupo sapagkat salungat ang kanilang hinaing sa neoliberal na lipunang sapilitan nilang ipinapalagay ng estado sa mundo ng mga manggagawa. Upang bigyan konkretong halimbawa ang 'di makataong pamamahala ng estado, hindi natin kailangan lumayo pa ng tingin sapagkat ang pangulo na natin mismo ang lantarang nagpapakita nito. Noong Oktubre 16, 2017, inakusahan ng pangulo ang kilusan ng PISTON sa pagtatangka ng himagsikan laban sa estado. Giit din ng praning na pangulo na isang harap daw ang PISTON para sa pagpapayabong ng mga komunistang puwersa dahil sa hindi nila pang-sang-ayon sa saligang batas ng Jeepney Modernization (Corrales, 2017).

Ngunit ano nga ba ang kinatatayuan ng mga tsuper sa kamara?

Sa usapin ng lehislasyon, matagal na ang pakikibaka ng mga tsuper ng jeep para sa akmang representasyon sa loob ng kamara. Bagaman mayroong mga representatibong nagpapahayag ng mga layunin ng mga tsuper, minsan ay kabalintunaan ang eksena kapag inalam natin ang tunay na kulay ng mga representatibong tumatayo para sa kapakanan nila. Kamakailan lamang, naging matunog sa balita ang pangalan ni Rep. Claudine Bautista, na siyang representatibo ng PUV driver party-list, Drivers United for Mass Progress and Equal Rights (DUMPER), dahil sa magarbong kasal na ipinagdiriwang sa Polilio, Quezon (Gonzales, 2021). Nakakikilabot isipin na dugo't pawis na ang umapaw sa pakikibaka ng mga tsuper ngunit ang representatibo na dapat tumatayo para sa kapakanan nila ay lantaran lamang na ibinabalandra sa publiko ang kanilang luho—ito ang luho na higit pa sa sapat na halagang maaaring ipanghanda sa pasko ng maraming tsuper na araw't gabi na namamasada. Bagaman mayroon ngang representasyon sa kamara, ngunit akma nga ba ang representasyong ito sa demograpiya na dapat ay kinakatawan niya? Higit pang tumimbang ang usapan nang makapanayam namin ang Presidente ng PISTON na si Mody Floranda. Aniya,

> "
>
> **Rinerererespeto namin ang pagpapakasal ng couple... kaya lang hindi talaga siya napapanahon. Kung titignan natin sa kalagayan ng kaniyang kinakatawan sa kongreso, tayo ay nasa gitna ng pandemya. Ang ilang mga nagiging tanong doon, ang mga nagiging puna, ay sana ginamit na lang ni Rep. Claudine ito sa pagbibigay ng ayuda sa mga miyembro ng DUMPER at ipinamahagi na lang sa lahat ng mga sektor ng mamamayan na tinamaan ng pandemya.**
>
> -



Makikita na bagaman mayroong representasyon sa kamara, hindi ito akma sa kasalukuyang kondisyon ng mga tsuper. Kapag kinilatis, makikitang tila hindi mulat ang representatibo sa kasalukuyang kondisyon ng kabuhayan ng mga tsuper sapagkat isa rin sa mga nagbigay ng boto ng pag-sang-ayon si Cong. Claudine Bautista sa Jeepney Modernization Program at ang TRAIN Law na nagpataas sa presyo ng krudo (CNN Philippines, 2021). Bagaman malubhang nakaapekto ang TRAIN Law sa kabuhayan ng mga tsuper, higit na mas malaking banta sa kabuhayan ng mga tsuper ang batas modernisasyon sapagkat magiging sanhi ito ng pagkawala ng trabaho ng marami sa kanila. Sa pagbibigay introduksyon sa batas modernisasyon, ipinaliwanag ni Ka Mody ang naging epekto nito sa sektor ng transportasyon at sa kabuhayan ng mga tsuper:

"

Sa ilalim ng modernization program, iwawash-out nito di lamang ang mga driver at ang mga operator, kung hindi mismo ang mga manggagawa ng public transport na sektor ay mawawalan ng trabaho at ng kabuhayan.

-

Ang batas modernization ay isang repleksyon ng Dutertenomics, o Duterte Economics, kung saan pinapairal ang mga neoliberal na polisiya na sadyang hindi makamasa. Bagaman nagpapakita ito ng imahen ng umaasensong ekonomiya, kadalasan ang nagdurusa upang makamit ang ganitong imahen ay ang maralita at uring manggagawa. Isang katangian din ng neoliberal na polisiya ay ang pagpapalalim ng agwat ng sahod kung saan patuloy na binabaon sa kahirapan ang mga maralita habang patuloy namang nakikinabanang ang mga piling tao sa lipunan (IBON Foundation, 2017). Sa Jeepney Modernization Program, isang halimbawa ng polisiyang neoliberal ang pagbaklas sa pangkabuhayan ng mga tsuper ng Jeep. Papalitan ang sistema ng franchising, mga sasakyan, at magiging pribado ang pamamahala sa mga Jeep, ngunit hindi nito tinitingnan ang kakayahan ng mga tsuper na lumipat sa nasabing programa. Ipinaliwanag muli ni Ka Mody:

"

Yung kaniyang mga policy ay di maka driver, di maka-operator. Sa ilalim ng modernization tatangalin niya ang mga operator. Bakit gusto ng administrasyong Duterte pahawakan sa malalaking negosyanteng kapitalista ang modern transportation sa ating bansa? Sa ilalim ng modernization ay sino ba ang makikinabang? Kitang-kita natin na ang layunin ng modernization ay hindi para ayusin ang serbisyo kung hindi pagkamalan ng mas malaking negosyo ang public transport.

-

Sa madaling sabi, ibinenta ng estado ang kabuhayan ng mga tsuper para lamang pagkakitaan ng mga malalaking negosyante; patuloy na nagiging marhinalisado ang mga tsuper habang ang mga negosyanteng kapitalista ay yumayaman mula sa kawalang kakayahang pinansyal ng mga tsuper. Ang mga negosyanteng kapitalista ay maihahalintulad sa mga timawang halang ang bituka at gutom sa salapi. Sila ang mga negosyanteng handang ibenta ang mga kapwa Pilipino sa pamamagitan ng pagpapayabong ng mga neoliberal na polisiya para lamang kumita. Dadami lamang ang mga maralita at hindi matutugunan ang mga hinaing ng mga manggagawa. Ngunit kung hindi Jeepney Modernization ang sagot, ano ang mas sapat na alternatibo? Sinagot ito ni Ka Mody:

"

Wala naman kaming problema sa pagmodernize. Siyempre, sino bang operator na ayaw na maganda [ang] kaniyang public transport? Lahat naman tayo ay naghahangad ng isang mahusay, isang malinis na transportasyon. Kung gusto talaga paunlarin ng gobyerno ang serbisyo, simple lang. Ang Pilipinas ay isa sa mga mayaman sa hilaw na materyales. Ang dapat talaga gawin ng gobyerno ay magkaroon sila ng malinaw na programa sa usaping industriyal. Magtayo tayo ng sarili nating industriya dito sa ating bansa.

-

Upang maiwasan ang pribatisasyon sa sektor ng transportasyon, kinakailangan na mayroon tayong sariling industriya sa Pilipinas. Sa paggawa ng industriya, tataas ang kalidad ng serbisyo ng sektor ng transportasyon at uunlad ang ekonomiya sapagkat hindi na lamang hilaw na materyales ang ating pinapalabas kung hindi magkakaroon na rin tayo ng kakayahang manipulahin ang mga ito. 'Di modernisasyon ang sagot, kung hindi ang pagpapatatag ng ating lokal na industriya na manggagawang Pilipino ang nagpapatakbo. Bagaman nasa atin na ang hilaw na materyales, kulang pa rin ang mga makinarya upang bumuo ng mga kagamitan. Bagkus, muli na namang makikinabang ang mga negosyanteng kapitalista at hindi ang sambayanang Pilipino sa pagbungkal mula sa lupa. Samantala, ang mga magsasaka ay wala pa ring lupang matatawag na sa kanila.

[illegible]

[illegible] ala ng mga tao sa hintayan ng Jeep. [illegible] sang bahay na pinalamutian ng mga [illegible] sa mga kapitbahay. Sa gitna ng [illegible] a istatwang gawa sa mga hinabing [illegible] akan ni Hesus habang binibilang [illegible] para sa kabuuan ng araw. [illegible]

Ngunit sa ngayon, mailalarawan ang ikinabubuhay ng tsuper sa dalawang salita:

Puhunang Delata

Puhunang para sa delata, pang tawid-gutom lamang.

dahil ang puhunan nila ay nakalaan lamang para sa delata upang maitawid lang ang kanilang pang araw-araw na buhay.

KISLAP NG PAG-ASA

ang hiling ng transport community





sinulat ni francesca ysabel sanchez

disenyo ni reine brioso

Kaliwa't kanang naroroon ang dyip - isang simbolo ng pag-asa. Kagaya ng ilaw ng pasko, makulay at minsa'y maingay ang mga sasakyang ito na naglululan ng maraming tao. Marami nang nakapagtapos ng pag-aaral, nakapagtrabaho, at nakabuhay ng pamilya sa tulong nitong simpleng uri ng pampublikong transportasyon. Hindi lamang ang mga tsuper at ang kanilang mga pamilya ang tinutukoy kung hindi pati na rin ang mga pasahero. Mga pasaherong patungo sa kani-kanilang mga paroroonan: opisina, ospital, pamilihan, paaralan, tahanan. Kung Maynila ang pagbabasehan, malinaw na makikitang mas pinipili ng nakararami na sumakay sa dyipni sapagkat kung ikukumpara sa isang traysikel, mas mura ang babayaran ng indibidwal dito kahit mas malayo ang nais puntahan.

Noong panahon na nagsimula ang Metro Manila lockdown sa bansa, naapektuhan ang pamumuhay ng lahat - walang taong nabubukod. Pinasara ang mga negosyo at paaralan, at ang lahat ng tao'y bawal lumabas kung maliban kung ang gagawin ay talagang lubhang kailangan. Kahit man ay kailangan, ipinatigil din ang serbisyo ng transportasyon—pampubliko man o pribado. Kung tutuusin, makatwiran naman kung bakit ginawa ito: para maagapan agad ang krisis na hinaharap, subalit pagkatapos ng dalawang linggo, bumalik na agad ang pagkilos ng tao. Marami nang nakalalabas ng kanilang mga bahay, hangga't mayroon silang mga pribadong sasakyan; habang nananatili pa rin ang mga tsuper sa kanilang mga tahanan, hinihintay na payagan na silang ipagpatuloy ang kanilang hanapbuhay. Sa ganitong pangyayari, hindi napansin na naapektuhan na rin ang mga Pilipino - 'yung mga kailangang sumakay ng pampublikong transportasyon upang mamalengke, o kaya naman 'yung mga kailangang magpacheck-up sa ospital - hindi na sila makararating doon dahil sa mga panuntunang ito. Sa ganitong kaparaanan, hindi maipagkakaila na makikita ang hindi pagkakapantay-pantay na estado ng tao sa lipunan.

Habang tumatagal ang panahon, ipinagpatuloy na rin ang pamamasada, marahil dahil unti-unti nang nagbubukas ang ekonomiya. Ayon kay Hyacenth Bendaña, isang jeepney community organizer, nagsimula lamang ito sa labindalawang porsyento (20%) ng kabuuang bilang ng dyip. Kung iisipin, sa dami ng mga komyuter araw-araw, at sa mga alituntuning kailangang sundin ng mga tsuper, hindi masasakay ang lahat, at nang sa huli, maiipon lamang ang mga tao sa hintayan, at sisikip ang lugar na para bang walang hinaharap na pandemya.

"Before the pandemic, sobrang lala na ang public transportation shortage ng Metro Manila — as in we're 2 million trips short. So, when you're operating on 50% capacity sa jeepney, tapos 20% lang ang otorisadong tumakbo, meron kang isang hell-hole of commuters na halos magsapakan na sa pila, and you have transport workers na walang hanapbuhay at napipilitang mamalimos sa kalsada," ito ang katotohanang umiiral sa panahon ngayon, ayon kay Bendaña.



***

Sa ganitong pangyayari, hindi mapipigilang isipin kung mayroon nga bang pagkakatulad ang kasalukuyang sitwasyon sa jeepney phaseout na sinimulang pag-usapan noong 2017. Ito ay ang programang nasa ilalim ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) na nagmumungkahing tanggalin ang mga sasakyan, lalo na ang dyipni, na tumagal na ng labinlimang (15) taon at palitan ito ng mga modernisadong sasakyan. Kahit naman sa teoretikal na aspekto, hindi pa rin tahasang maiisip kung ito ba ay magkapareho sapagkat wala pang direktang resulta ang jeepney phaseout; ang mayroon lamang ay ang paksa ng pandemya at transportation ban. Subalit kung titignan ito sa anggulo ng pakiramdam ng mga Pilipino, mababatid ang kanilang pagkakatulad. Wala pa ring katiyakan ang mga plano ng gobyerno sa parehong isyu na ito. Ayon kay Bendaña, "Wala pa ring plano sa aspeto ng finances, scrappage schemes, transition, at pati ang social support man lang." Dagdag pa rito ang mabagal na pagbibigay ng mga bakuna na maaari ring dahilan ng ating pamumuhay ngayon.

Dahil tila ba walang nagaganap na pag-unlad sa mga oras na ito, gumagawa na ng mga konkretong planong imumungkahi sa gobyerno ang iba't ibang mga organisasyon, tulad ng koalisyon ni Bendaña, ang Move As One Organization. Isa sa pinakamahalaga nilang nagawa't naipasa ay nasa ilalim ng service contracting.

"...We thought, 'Why don't we ask the national government to contract the services of public transport providers nationwide and then pay them a guaranteed income everyday, para i-ensure na ma-oobserve ang physical distancing sa loob ng jeep' [...] We were able to pass that policy and funding for it." ani Bendaña. Dito pa lamang ay hindi matatangging kailangan pa na ang taumbayan ang gumalaw upang umaksyon ang nararapat.

Ayon din kay Bendaña, may mga pagkakataon na kung saan hindi na pinapakinggan ang mga kaisipan at ideya ng sektor ukol sa pagsasagawa ng mga programa; lalapitan lang nila ang mga ito kapag nagkagulo na ang lahat, kapag may mali na sa aksyong isinagawa. Sa kabalintunaan, kitang-kita naman na ilang taon nang nagkakaroon ng iba't ibang protestang naghahayag na pakinggan ang kailangan ng bayan.

Ngayong papalapit na ang pasko, na kung saan ang lahat ay may nais hilingin, mayroon ding mga hiling ang sektor na ating pinag-uusapan: ang koalisyon, ang mga tsuper, at ang mga komyuter.

"Unang-una, sana ang lahat ng pwedeng sumama sa service contracting [ay] isama ng gobyerno, at sana lahat ng hindi pa nababayaran ay mabayaran nang maayos.



Pangalawa, sana lahat ng naka-allocate na ayuda [at] suporta para sa ating mga jeepney drivers, mabigay. Sana mabigyan sila ng hazard pay; sana mabigyan sila ng social support; sana maging priority sila sa vaccination list. [...] More on social support kasi hanggang ngayon wala pa rin silang suporta. Basically, ang hiling nito ay sana maturing sila as a frontliner, kasi frontliner naman sila. Hindi gagalaw ang ekonomiya kung walang transport sector.



Third, sana matapos na ang pandemic, at maging election issue ang transport. Tuwing eleksyon kasi, hindi napag-uusapan... Kung mayroon man, 'traffic' lang. Sobrang kulang ang spotlight on transport and mobility, when our transport sectors are actually the worst hit by the pandemic; and is actually the key to economic recovery."

Nasa ikalawang taon na ang Pilipinas sa gitna ng pandemya at hindi pa rin bumubuti ang kalagayan ng lahat. Nakakulong pa rin ang mga Pilipino sa kanilang mga tahanan, sumisigaw at humihingi ng tulong. Simple lamang ang hiling ng lahat - na mapakinggan at maging bahagi ng bansang kinabibilangan. Lalo na sa mga tsuper at sa iba pang mga kalahok ng transport community. "...they've always been sidelined; they've always been considered as 'maliliit na tao' na kapag nagrarally, kapag naglabas ng hinaing... perwisyo."

Ngayong pasko, patuloy nating ibigay ang ating suporta sa mga nagbibigay-serbisyo sa atin. Abutan natin sila ng kahit anumang tulong na kaya nating ibigay, ipakita natin ang kanilang kahalagahan sa lipunan at sa mundo. Sa ganitong mga pamamaraan, kanilang mararamdaman na sila ay mahalaga sa ating lipunang ginagalawan ngayon. Ang jeepney sector ay kabilang din sa mga mamamayan ng Pilipinas. Sila rin ay mga nagbabayad ng buwis na nakatutulong sa pagtataguyod ng ekonomiya at ng bansa. Ang dyipni ay isang simbolo ng pag-asa, at sa mga sektor na nagpapatakbo rito nagsisimula ang pag-asang ito.

KANDILANG UPOS

Ang Kawalan ng Trabaho sa Gitna ng Pandemya

SULAT NI **RONALYNN NAVOR**

SINING NI **NICOLE MADRILEJO**

Para sa mga mamamayang Pilipino, ang pasko ay isa sa mga inaabangang pagdiriwang bawat taon. Hindi nga naman maipagkakaila na sa bawat parol na nakasabit at kumikislap, sa bawat bibingka at puto bumbong na binibenta sa labas ng simbahan, at sa bawat hamon at spaghetti na nakahain sa noche buena ay tila kakaibang saya at liwanag ang dala sa bawat indibidwal at sa bawat pamilya.

Nakagawian na ng marami ang pagsakay ng jeep at ang pagbitaw ng mga katagang 'Para ho manong' sa bawat destinasyong madaraanan. Noon, traffic at ang nakaiirita at nakatataranta lamang na mga busina ng sasakyan ang iniinda ng bawat pasahero. Ngunit ngayong panahon ng pandemya, anong klaseng pasko ang destinasyon ng nakararaming mga Pilipino? Makararating ba sa patutunguhan ang lahat ng pasahero? Malalampasan kaya ng mga pasahero ang lumalakas na tunog ng kumukulong tiyan, ang papalapit na singil ng patong patong na bayarin, at ang pag-asang mababalik ang dating pasko na para bang kandilang nauupos? Paano na nga ba ang pasko nang isang nahihirapang unemployed Filipino worker ngayong panahon ng pandemya?

Ayon sa naitala ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong Oktubre 2019, bago pa lumaganap ang pandemya, nasa 4.5% ang unemployment rate sa bansa. Higit itong mababa kung ikukumpara sa 8.1% na tala ngayong taon sa buwan ng Agosto. Isa lamang itong patunay na sa magdadalawang taon sa ilalim ng pandemya, isa sa lubos na tinamaan ay ang sektor ng mga manggagawang Pilipino.

Ngunit bago pa man ang pandemya, may mga programa ng pinatupad ang pamahalaan na naglalayong tulungan ang mga unemployed Filipino workers. Halimbawa na nito ay ang Skills Programs and Livelihood Programs na nasa ilalim ng Department of Labor and Employment (DOLE). Gayundin ngayong pandemya, upang makatulong, inilunsad at pinirmahan ng pamahalaan ang National Employment Recovery Strategy (NERS) na naglalayong ibalik sa rati ang kalagayan ng labor market ng bansa. Bukod pa rito, may wage subsidy ring nakalaan para sa mga manggagawa. Ngunit nakatulong nga ba ito sa mga Pilipinong walang trabaho lalo na ngayong may pandemya?



Ngunit bago pa man ang pandemya, may mga programa ng pinatupad ang pamahalaan na naglalayong tulungan ang mga unemployed Filipino workers. Halimbawa na nito ay ang Skills Programs and Livelihood Programs na nasa ilalim ng Department of Labor and Employment (DOLE). Gayundin ngayong pandemya, upang makatulong, inilunsad at pinirmahan ng pamahalaan ang National Employment Recovery Strategy (NERS) na naglalayong ibalik sa rati ang kalagayan ng labor market ng bansa. Bukod pa rito, may wage subsidy ring nakalaan para sa mga manggagawa. Ngunit nakatulong nga ba ito sa mga Pilipinong walang trabaho lalo na ngayong may pandemya?

Upang sagutin ang katanungan na ito nang mas mapalawak pa ang diskurso, isang apatnapu't tatlong anyos na unemployed worker, kasal, at may apat na anak ang nakapanayam. Bago pa man ang pandemya, wala na raw siyang trabaho at ang kaniyang asawa naman ay tuluyang nawalan nang trabaho bunga ng nasabing global health crisis.

Sa unang bahagi ng interview, nang itanong sa kaniya ang tungkol sa mga programang nabanggit, mabilis niyang isinaad na wala siyang alam sa mga ito - hindi niya nabalitaan ang mga nasabing aksyon ng gobyerno. Kung kaya't maaaring ipagpalagay na hindi siya natulungan ng kahit alinman sa isinulong na solusyon noon para sa unemployment rate. At kung usapang panahon ng pandemya naman, nakatanggap ang pamilya niya noong sinasabing subsidiya na siyang nakatulong sa ibang problema nilang pinansyal kahit papaano. Ngunit idiniin niya ring "short term" lamang ang tulong na hatid ng ilang libong pisong iyon.

Kaakibat noon, isa sa mga hinaing at pagsubok na kinaharap ng pamilya niya sa sitwayson ngayon ay ang kawalan ng pagkakakitaan bunga ng pagsasara ng ilang mga negosyo at mga inimplementang quarantine restrictions. Sa isang artikulo na inilunsad ng Philstar, binanggit na lubos na naapektuhan ang ekonomiya ng bansa dahil sa pagsasara ng mga negosyo at kompanya na siya ring sanhi ng pagkawala ng milyong milyong trabaho sa bansa. Iginiit din na hindi nakatulong ang total lockdown sa kalagayang pang-ekonomiya ng Pilipinas. Kasabay noon, binanggit ng unemployed worker na tuwiran siyang naapektuhan nito lalo na't ang ibang supplier ng mga paninda niyang processed foods ay nagsara na rin, kung kaya't napilitan siyang maghanap ng ibang pagkukuhanan kahit na mas kokonti ang kaniyang kita dahil sa mataas na benta sa kaniya. Dahil limitado lamang ang paglabas sa mga bahay at mas mahirap na pakikipagugnayan sa tao, sinabi niya ring mas lumiit ang bilang ng mga customers niya.At dahil nga sa Covid-19 mas naging mabusisi pa ang mga ito sa kaniyang mga paninda. Kadalasan daw tinatanong kung malinis ba ang mga iyon, kung saan nanggaling, nagkasakit daw ba ang mismong natitinda, at iba pang bagay na may kaugnayan sa produkto niya at sa pandemya. Ito ay patunay lamang na mahirap talagang makahanap ng pagkakakitaan sa panahon ngayon kung saan lahat ay natatakot at nangangamba.

Kaugnay rin nito, lubos na iniinda rin ng mga mamamayan ang pagtaas ng presyo ng mga produkto at serbisyo. Sa katunayan, ayon sa isang report mula sa Rappler, pumalo sa 4.9% ang inflation rate noong buwan ng Agosto at 4.8% naman sa buwan ng Setyembre na hindi hamak na mas mataas kung ikukumpara raw sa target ng gobyerno na 4%. At nang tinanong sa interviewee kung paano siya naapektuhan nito, ikinwento niya sa amin na naging mahigpit sila lalo ngayon pagdating sa pera. Kung noon ay nakabibili pa kahit papaano ng mga bagay na hindi naman talaga kailangan, ngayon ay iniisip nila nang husto kung ano nga ba ang kailangang paglaanan ng pera. Sinabi niya ring nagkaroon nang malaking pagbabago sa mga pagkain ng kanilang buong pamilya - naging mas kaunti na ang stocks nila ng groceries at kung minsan nga raw ay tira-tira na lamang ng kaniyang mga anak ang kinakain nilang mag-asawa. Maging ang vitamins ng kaniyang mga anak ay hindi na rin regular na nabibili. Sa kabilang banda, noong itinanong namin kung ano ang tingin niya sa mga nag-iimbak o naghohoard ng mga produkto na siyang sanhi rin ng pagtaas ng mga produkto, sinagot niyang hindi niya naman daw masisisi ang mga mamamamayang iyon dahil kung bibigyan din siya ng sapat na pera, gugustuhin niya ring bumili ng madaming supplies para sa kaniyang pamilya. Patunay lamang ito na karamihan sa mga Pilipino ngayon ay talaga nga namang gusto lamang makapagbigay nang sapat na pangangailangan para sa kani-kanilang pamilya.

Sa kalagitnaan ng naganap na panayam, isinaad ng nasabing unemployed worker na sinubukan naman daw nilang mag-asawa na maghanap ng trabaho ngayong pandemya. Ngunit sa kasamaang palad, hindi rin sila nabigyan ng mga permanenteng pagkakakitaan lalo pa't kinakailangan talaga ng mga gadgets dahil halos online na ang mga transakyon. Bukod pa roon hindi nila maiwan ang kanilang mga anak bunga ng pangangailangang tutukan at gabayan ang mga ito sa kanilang online class. Kasabay nito, may bagong usapin muli ang nabuksan dahil isa raw sa mga requirements ngayon para makakuha ng trabaho ay ang pagiging bakunado na siyang inilarawan ng interviewee na isang malaking problema para sa kanila. Sa kasalukuyan, ayon sa artikulo na inilabas ng Philstar noong Oktubre 11 sa taong ito, nasa 30% ng populasyon ng bansa ang fully vaccinated na. Ngunit bakit tila ang bagal ng usad o progreso ng Pilipinas pagdating dito? Sa parehong interview binanggit ng unemployed worker na naging mahirap para sa kanila ang proseso ng pagpapabukuna. Ani nga niya, "kung walang koneksyon, mahirap makahanap ng vaccine". Patunay lamang ito na kung nais pagbutihin ang kalagayan ng mga unemployed worker at ng mga Pilipino sa pangkalahatan, nararapat lamang na mas bigyan pansin pa ang sistema ng pagpapabakuna.

At upang tapusin ang panayam, pinag-usapan na namin ang mga plano nila sa darating na pasko. Nang itanong kung paano magdiriwang ang pamilya niya, binitawan niya ang mga katagang, "Sa totoo lang, hindi ko na rin alam dahil mahirap na nga ang sitwasyon namin noon, mas humirap lang lalo ngayon. At nawawalan na rin kami ng pag-asa kung minsan." Kahit pa raw dati ay nakiki- Christmas lamang sila sa mga kamag-anak ngunit ngayon ay wala na siyang tiyak na plano. Ikinwento niya rin na naaawa siya sa mga anak niya dahil hindi na rin nila naeenjoy ang pasko sa ngayong may pandemya. Ang tanging hiling niya na lamang ngayon ay matapos na ang pandemya upang makabalik na lahat sa normal - at upang maibalik na ang mga nawala sa kanila.
Kung titignan, ang daming ninakaw ng pandemya sa mga mamamayang Pilipino. Kung ikukumpara natin ito sa pagsakay ng jeep, bukod pa sa kawalan o kakulangan ng pamasahe, tila inagawan din ng daan o ruta ang pasaherong unemployed worker. At kung muli natin ibabalik sa konteksto ng pasko, wala na ring kasiguraduhan kung makaabot pa ba sila rito nang maayos, masaya, at buo.

sinturon ni hudas

sulat ni jaye santos

sining at disenyo nila reine brioso & luis changco

Maski bata? Oo maski bata.



ika nga, kapag panahon ng Pasko sa Pilipinas ay ramdam na ramdam ito sa lansangan, lalo na sa mapulang kulay pa lang ng mga pribado at pampublikong sasakyan dulot ng trapiko. Kasama na rito ang mga palamuti na nakasabit sa mga jeep at ang basag-tainga na pagbubusina at tugtugan. Doble o kadalasan ay tripleng oras pa ang nauubos para lamang sa pagbiyahe at napakasikip pa minsan sa loob, para bang may handaan na pang isang pamilya at kasama pa ang kapitbahay.

Pamilyar na sa mga Lumad ang matagal na pagbibiyahe o paglalakbay kaya naman ay hindi na alintana sa kanila ang hindi komportableng pakiramdam dito. Ang mga bata at estudyante nga mismo ay naglalakbay mula pa sa mga matataas na bundok sa kanayunan patungo sa Maynila o sa siyudad. Ito ay alang-alang sa pagkamit ng kanilang karapatan sa edukasyon. Kaya naman habang nakaupo sa loob ng jeep ay hindi maiiwasan na maihahalintulad ang karanasang ito sa dahilan kung bakit nagbabakwit ang mga Lumad na estudyante. Kung tayo nga ay lumilipat ng jeep dahil masikip, dahil masyadong mainit, maingay ang radyo o mga nag-uusap usap at hindi makatulog, biglaang may holdaper, o kaya naman ay masyadong nakakasilaw ang mga ilaw sa loob nito, ang mga Lumad naman ay lumilipat ng paaralan dahil sa kawalan ng seguridad at kaginhawaan. Ilan sa mga rason ay ang pag-atake ng mga militar, pagbobomba sa kanilang mga paaralan, pamamaslang at karahasan, at iba pang dahilan na mahirap bigyang katwiran. Ayon kay Mayka, isang volunteer teacher ng mga Lumad sa ALCADEV at Save Our Schools Network simula noong 2017, ang Bakwit School ay ang makeshift mobile na klasrum para sa mga estudyanteng Lumad na napilitang umalis sa kanilang mga tahanan na dulot din ng sapilitang pagpapasara ng kanilang mga paaralan - na umabot sa bilang ng 188 sa ilalim ng rehimeng Duterte. Binanggit ni Mayka na ang kanilang mga paaralan ay ekspresyon ng paglaban para sa kanilang lupang ninuno at kinikilala din ang sistema sa kanilang mga paaralan na makamasa, makabayan, at siyentipiko.



makamasa,
makabayan,
& siyentipiko.



ang lupa ay buhay.

Sa biyaheng jeep na ito, kung may kasama man tayong bata o estudyanteng Lumad, tiyak na iba-iba ang pagtingin ng mga tao sa kanila. Parang sa lipunan lang na kung saan iba-iba rin ang pananaw ng mga tao dahil para sa partikular na mga ahensyang sibilyan, sila ay terorista dahil pinaglalaban nila ang kanilang karapatan sa edukasyon at sa kanilang lupang ninuno. Siguro nga ay para sa mga estudyante, nakikita nila ang mga Lumad bilang mga katutubo na naninirahan sa kanayunan at mga bundok. Wala nang higit pang pagkakakilanlan. Sa mga ordinaryong Pilipino naman, maaaring ang tumatak sa kanilang isip ay ang mga makukulay na kasuotan ng mga Lumad. Para naman sa mga magsasaka, maaaring mas kilala nila ang mga Lumad dahil nakakasama nila ang mga ito sa pagtatanim at sa paglaban para sa kanilang lupa. Para sa mga batang lansangan naman na nangangaroling, maaaring wala silang alam na kahit ano tungkol sa ating mga katutubo dahil isa rin silang pinagkaitan ng karapatan sa edukasyon.

Sa biyaheng ito ay ipinapakilala muli ni Mayka kung sino ang mga Lumad. Ang salitang Lumad ay isang kolektibong katawagan na tumutukoy sa 18 na minoryang grupo sa Mindanao. "Ang lupa ay buhay," ika nga. Mahalaga para sa kanila ang lupang ninuno dahil sa pagsasaka at ekonomiya, nakatali sa lupa ang kanilang kasaysayan at kultura. Ito ang dahilan kaya sila tumitindig at lumalaban sa mga large scale agricultural industries at pwersa ng mga estado na patuloy na umaatake, nagsasamantala, at sumisira ng kanilang lupain na sagana sa mga mineral at produktong pang-agrikultura. Sila ay higit pa sa kung ano ang itinuturo sa ating mga paaralan, dahil ang mga Lumad ay ang mga buong tapang na nagsasa praktika ng kanilang mga paninindigan. Ang mga Lumad ay ang mga tagapagtanggol ng kalikasan at mga lupang ninuno, taga sulong ng pagbabago, ang kabataang tumitindig sa karapatan sa edukasyon, at pinaglalaban ang ating mga karapatang pantao.

Hindi na maitatanggi na maaari na tayong mapag-iwanan ng Noche Buena dulot ng trapiko at pahinto-hintong pagbiyahe ng jeep. Ngunit, kung ikukumpara muli, mas mabigat para sa kanila ang karanasan ng Pasko. Kung para sa atin ay hayok nang makauwi upang sindihan ang watusi, pla-pla, o sinturon ni hudas at makakain ng hamon upang magdiwang, para sa kanila naman ay kasing lupit ng sinturon ni Hudas ang ala-ala ng Pasko. Ibinahagi ni Mayka ang takot at karanasan ng mga estudyanteng Lumad pagdating sa mga paputok. Pinapaalala nito sa kanila ang mga pagbobomba at pamamaril sa kanilang mga paaralan at tahanan, na kahit sa gitna ng klase ay nasasaksihan nila. Kaya naman dito sa Kamaynilaan ay ramdam pa rin nila ang takot at kalupitan na ito at nabubuhay muli ang mga alaala ng pagpatay at pagsira sa kanilang lugar. May pagkakataon ding napagkakamalan ng mga Lumad na isang bomber plane ang drone na ginagamit ng mga midya sa pagkuha ng litrato o bidyo.

At sa kabila ng lahat ng ito ay tanong pa rin sa mga Lumad kung bakit nila kailangan mag protesta at kung bakit hindi na lang sila mag-aral. Buong puso itong sinagot ng ating volunteer teacher ng mga Lumad at sinabing, "Sino ba ang ayaw na mag-aral nang mapayapa? Sino ang ayaw mag-aral nang tahimik at hindi pinangangambahan ang buhay? Hindi ba lahat naman tayo?" Kaya narito ang mga Lumad na nagbabakwit dahil sa pag-atake sa kanilang mga paaralan at tahanan. Ito ay upang mas palakasin pa ang kanilang panawagan at bitbitin ito sa lansangan ng kamaynilaan. Tuwing Pasko ay hindi rin naman nahihiwalay ang kanilang hiling sa kung ano ang kanilang ipinaglalaban. Sa papalapit na pagdiriwang ng Pasko, mistula silang nasa mahabang biyahe ng jeep na para bang walang kasiguraduhan kung kailan hihinto at kung saan ito tutungo.

hiling ng mga bata't
estudyanteng lumad
ay hindi magagarbong
gamit kung 'di makauwi
sa kanilang lupang ninuno,
mabuhay nang mapayapa,
at makapag-aral muli.

"

Bakit nga ba sa kabila ng mga batas para sa proteksyon ng kababaihan, nananatiling malaki ang bilang ng mga biktima ng domestikong pang-aabuso?

-

ANG MALAGIM NA PANIG NG PASKO

Domestikong Pang-aabuso ng mga Kababaihan

SULAT NI **ASHLEY LUMAUIG**
SINING AT LAPAT NI **ANGELICA AGUILAR**

Taun-taon, tuwing buwan ng Disyembre, tumataas ang estadistika para sa maraming bagay – tumataas ang bilang ng mga turista sa iba't ibang panig ng bansa, tumataas ang presyo lahat ng mga produktong madalas bilhin panregalo sa pasko. Tumataas ang estado ng ekonomiya dahil tumataas din ang bilang ng bumibili, nagbabakasyon, at nagsisigasig sa trabaho. Pero tumataas rin ang bilang ng pagpapatiwakal at krimen – mga pagnanakaw, mga krimeng pananalapi, maging mga pamamaslang. Isa pang mapanglaw na estadistika na tumataas sa panahon ng kapaskuhan ay ang bilang ng mga kaso ng domestikong karahasan. Ayon sa isang pag-uulat mula sa National Resource Center on Domestic Violence, mayroong tiyak na ugnayan sa pagitan ng panahon ng kapaskuhan at ulat ng mga insidente ng domestikong karahasan, at ang mga nasabing ulat ay 2.7 beses higit sa pangkaraniwang bilang. Nitong nakaraang taon, sinabayan at pinalala pa ng pandemya at lockdown and pattern na ito.

Suliranin na kaakibat na sa kasaysayan ang pang-aabuso sa kababaihan. Pero dahil sa lockdown, nakukulong sa ilalim ng isang bahay ang mga babae kasama ang kanila mga abusador at lumaganap ang domestikong karahasan na pinagdurusahan ng kababaihan. Tila walang sapat na mga batas para sa pangangalaga at proteksyon ng kababaihan at sa gayong dahilan higit na lumubha ang mga kaso ng karahasang domestiko. Noong 2017, isang pagsisiyasat mula sa Philippine National Demographic and Health ay nagpahiwatig na nakaranas na ng pisikal, emosyonal, at sekswal na pang-aabuso mula sa kanilang nobyo ang 1 sa bawat 4 na Pilipina na may edad 15-49. Noong June 2020 iniulat ng mga awtoridad na tumaas na ang estadistika na ito mula nang magsimula ang lockdown noong March. Ipinahayag ni Mayor Joy Belmonte na naging biktima ng dahas o panggagahasa ang humigit-kumulang 602 Pilipina mula March 17 hanggang May 23.

Hindi bababa sa 12 na complants ng domestikong karahasan bawat linggo ang natatanggap ng Quezon City Women's and Children's desk. Bago ang pandemya, ang bilang na yon ay 5 lamang. Naglabas ng mga resulta mula sa isang Social Weather Stations o SWS survey ang Commission on Population and Development na nagpapakita na 1 sa 4 (25%) ng mga Pilipino ay kumikilala na ang domestikong karahasan ay isa sa pinakamalubhang suliranin ng kababaihan. Sa pagtaas ng mga kaso, tantsa ng United Nations Population Fund na may 20% na pagtaas ng karahasang domestiko.

Napapatunayan ng bilang ng mga kaso at mga biktima, kahiman pa ang mga biktimang hindi nagbibigay-alam o nagsusumbong sa mga awtoridad at hindi nasasama sa mga ulat, na sakuna ang patriyarka. Nabibigyan man o hindi ng hustisya, pinasala sa karapatang pantao ang kultura ng pagwawalang-imik ng mga biktima na karamihan ay kababaihan. Bakit nga ba sa kabila ng mga batas para sa proteksyon ng kababaihan, nananatiling malaki ang bilang ng mga biktima ng domestikong pang-aabuso? Bakit babae ang nakararami sa mga biktima ng karahasan? Hanggang kailan tayo, bilang mga Pilipino, sasalakayin at lulupigin ng ating peligrosong kultura?

bakit babae ang nakarami sa mga biktima ng karahasan?

PAGPAPABAKUNA:

MAGANDANG REGALO NGAYONG PASKO

SULAT NI CHARLES IAN BUHAY

“Pasko na naman o kay tulin ng araw, paskong nagdaan tila ba kung kailan lang... Pasko, pasko, pasko na namang muli, ang pag-ibig pa rin ba ang maghahari?”

Ngayong darating na buwan ng disyembre, isang masigla at masaganang pagdiriwang ng pasko na kaya ang aaasahan ng mga Pilipino sa kabila ng pananatili ng sakit na Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) sa bansa? Mas marami na bang establisyimento ang magbubukas ng kanilang pasilidad upang tumanggap ng mga kostumer lalo na ngayong maraming bilang na rin ng mga Pilipino ang nakatanggap na ng kanilang bakuna.

Sa tala ng Our World in Data, 38.9 porsiyento ng kabuuang populasyon ng bansa ang nakatanggap na ng kanilang ikalawang “dose” ng bakuna. Sa kabila nito, laganap pa rin ang “vaccine hesitancy” sa maraming mga Pilipino dahil sa samu-t saring haka-haka, isa na nga rito ay ang paniniwalang umano’y may masamang epekto ang bakuna sa kalusugan. Ayon sa sarbey ng Social Weather Stations (SWS) noong Mayo, kasalukuyang taon, lumabas na 32 porsiyento lamang ng “adult filipinos” ang bukas ang loob na magpakuna.Gayundin, naiulat mula sa sarbey na nangungunang dahilan ng pagkakaroon ng “vaccine hesitancy” ang takot na makaranas ng mga side effect matapos mabakunahan; ikalawa ang paniniwalang hindi ito ligtas at hindi epektibo; at sumunod naman ang kaisipang baka sila ay pumanaw at marami pang ibang negatibong dahilan.

Sa ganitong sitwasyon, pinakaapektado pa rin ang mga frontliner na nangangasiwa sa pagsugpo sa patuloy na pagkalat ng sakit. Kabilang na rito ang mga healthworker sa lahat ng ospital sa bansa na hindi alintana ang pagod maisalba lamang ang buhay ng mga mamamayang malubhang naapektuhan ng sakit na COVI D-19. Bagaman, kakikitaan sila ng lakas ng loob, hindi dapat kaligtaan na sila ay mga tao lamang din at nakararamdam ng pagod. Sa halos dalawang taon ng kanilang pagpapagal sa kabila ng kakarampot na benepisyong natatanggap mula sa gobyerno, kumusta na kaya ang lagay nila ngayon.



Sa isang panayam kay Gng. Raquel Aniwasal, isang dating “nurse” at retiradong pulis, inihayag nitong isang balakid sa pagsugpo sa pandemya ang takot sa isipan ng mga mamamayan na magpabakuna. Aniya, kawalan ng tamang pagpapalagananp ng impormasyon ang nangungunang dahilan kung bakit mayroong “vaccine hesitancy”. “Siguro kasi ang social media ang laki ng impact nito na minsan misleading yung binibigay na information, mas nararapat na ang ahensya natin o ang pamahalaan natin mas controlled yung paglalabas ng impormasyon para sa bagay na ito kasi napaka sensitibo, so pag may maling impormasyon yung kung saan nanggaling yan i-direkta ng proper authority, i-take note nila and then yung mismong nagpakalat nito sya mismo magbigay din ng impormasyon sa pinapag kalatan nya na ito ay pawang haka haka lang at walang katotohanan. So kinakailangan na tamang ahensya lang ang pagkukunan ng impormasyon katulad ng DOH o IATF, na pagkukunan lang at pagbabatayan ng impormasyon patungkol sa COVID-19. So i d-disregard yung iba na ma-kontrol dapat yung mga misleading information. Proper authority lang dapat ang pakikinggan ng mamayan para dito,” ito ang pahayag ni Aniwasal tungkol sa tamang pagpapakalat ng impormasyon.



Dagdag pa ng dating pulis, ngayong darating na kapaskuhan, bagaman hindi na ganoon kalala ang kondisyon ng pandemya sa bansa kumpara noong nakaraang taon, nararapat pa rin na magdoble ingat ang lahat sa pagdiriwang sapagkat hangga’t hindi naaabot ang “herd immunity” o ang pagiging “immuned” ng malaking porsiyento ng populasyon ng bansa sa COVID-19, malaki pa rin ang tyansa na marami ang mahawa sa sakit kung kaliligtaan ng karamihan ang pagsunod sa “minimum health protocols.”

Ipagdiwang ang kapaskuhan na malusog at masaya ang buong pamilya,ipagdiwang ng magkakasama at makakabuti kung sa loob ng tahanan na magkakasalosalo para maiwasan na rin ang makasalamuha ng maraming tao na di piho ang estado ng kalusugan ng mga ito.ang tunay na diwa ng kapaskuhan ay pamilyang samasama,” ani Aniwasal.

Kaugnay nito, hinihikayat niya ang mga Pilipino na mag-pabakuna at alisin ang takot sa kanilang mga isipan, sapagkat walang katotohanan ang mga haka-haka na negatibo ang epekto ng pagpapaturok sa katawan. Dagdag pa niya, tiits-tiis muna sa pagpunta sa matataong lugar upang makaiwas sa posibleng pagkalat ng sakit. Maaari pa rin namang maging masaya at makabuluhan ang selebrasyon kahit sa loob lamang ng mga tahanan ang pagdiriwang. Ang tunay na diwa ng pasko ay pagmamahal at sama-samang pagdiriwang ng isang buong pamilya. Hindi ba at kaysarap salubungion ng pasko na ligtas walang problemang kinakaharap ang bawat isa.

ANG KALUNGKUTAN NG PASKO SA PANDEMYA AYON KAY LIGAYA



SULAT AT SINING NI: NICOLE MADRILEJO

Isang malaking ngiti ang laging salubong ni Ligaya sa mga kliyente niya tuwing makikita niya ang mga ito. Babati siya nang malakas habang sinusubukan balansehin ang mga dala niyang kagamitan para buksan ang gate ng bahay ng kliyente niya. Sa kaliwang kamay ay hawak niya ang isang malaking payong na panangga sa init ng araw o nagmamatiyang ulan, habang sa kanan ay dala-dala ang lalagyan ng mga bagong hasa at linis na kagamitan na panlinis ng kuko na nakapatong sa isang linyera ng mga makukulay na kyutiks.

Ilang dekada nang isang home-service na manikurista si Ligaya at ilang taon na rin siyang nasanay sa parehong takbo ng mga Sabado at Linggo niya. Kabisado na niya ang mga susunod na pangyayari, uupo siya sa mas mababang upuan at kukunin ang kamay ng kostumer para ayusin ang kukong huli niya ring nahawakan makaraan ang dalawang linggo. Kakamustahin niya ang kliyente at magsisimulang magkwento ng buhay niya o kaya'y balitang napulot niya sa iba pang suki para maaliw ito sa loob ng apatnapu't-limang minuto. Pagkatapos ay kukunin na ang bayad at mag-aatubiling maghanap ng masasakyan mapa-tricycle, bus, o jeep para makapunta sa susunod na kliyenteng nagpatawag sa kaniya o kaya para sa wakas ay makauwi na sa kaniyang dalawang anak at limang apo na tumutuloy rin sa bahay niya. Idadagdag ang pinagpaguran sa isang araw para sa pantustos nilang pamilya.

Simple lang ang buhay ni Ligaya, bagaman may hirap na hinaharap ay nakakaya naman nilang maitawid ang araw-araw. Sa katunayan sa loob ng limampu'tsiyam na taong nabubuhay siya ay tiyak na ipinagmamalaki niyang nakapagtapos niya sa pag-aaral ang kanyang tatlong anak gamit ang hanapbuhay na alam niyang eksperto na siya. Hindi man marangya ay sumasapat naman sa pagsuporta at pagbuhay ng mga taong minamahal niya.

Kaya naman sa pagputok ng balitang may nakakamatay sakit na kumakalat sa buong mundo at bahagyang nagpatigil sa takbo ng buhay ng mga tao, takot at pangamba ang unang nangibabaw sa kanya. Takot para sa kalusugan nilang mag-anak lalo na at nars ang isa sa mga anak niya at nauunang humarap sa sakit na ito, at pangamba dahil alam niyang ang trabaho niya ang matagal maapektuhan ng delubyo na ito.

Sa mga unang buwan ng pandemya ay dikit ang mata ni Ligaya sa telebisyon upang mangalap ng mga balita at anunsyo upang malaman kung gaano ba katagal ang sitwasyong ito. Alam niyang mahihirapan dahil utos nga ng gobyerno na bawal lumabas at bawal magpapasok sa mga tahanan ng kahit sino, hangga't sa maaari rin ay iwasang hawakan ang iba. Sa madaling salita, bawal ang kahit anong may kinalaman sa trabaho niya. Sa ayaw man niya o sa gusto, ligwak na ang pagkakataon na muli siyang kumita habang naghahasik pa ng lagim ang pandemya.

Isa lamang ang istorya ni Ligaya sa mga taong matinding naapektuhan ng pandemya. Ayon sa Philippine Statistics Authority, pagpatak ng Abril taong 2020, isang buwan matapos ideklara ang pandemya ay umakyat kaagad sa 17.7% mula sa dating 5.3% lang na na-irecord noong Enero 2020. Ang laki kaagad ng tinaas ng unemployment rate na nagsasabi rin na higit isang milyong Pilipino ang napilitang mawalan ng trabaho dahil sa epekto ng pandemya.

Kaya naman hindi masisisi si Ligaya na matakot dahil kabilaang mga tao ang wala na ngang trabaho at takot pa siya sa maaring kahinatnan ng kaniyang pamilya. Kahit na eksperto niya siya sa isang larangan ay wala naman siyang magawa kung hindi manatili na lamang sa bahay at alagaan ang apo dahil hindi na nakakauwi ang nars niyang anak, lalo na't pinapanatili na ito sa ospital ng ilang linggo bago payagang makauwi.

Hindi na rin nila naisipan na maghanap ng ibang pagkakakitaan dahil kakailanganin pa nila maglabas ng perang pampuhunan kahit na nahihirapan na nga silang maitawid ang bawat linggo. Sa mga ayuda ng barangay na lamang sila umaasa kung saan nakakakuha sila ng 4,000 piso tuwing nagpapamigay ng pinansyal na ayuda. Ayon sa kaniya, malaking tulong na raw ito ngunit hindi pa rin nito mapapalitan kung ano ang dati niyang kinikita lalo na at talagang wala na siyang mahagilap na kustomer.

Mula sa pagkakaroon ng ilang kustomer na nagpapalinis dalawang beses kada buwan ay bumagsak ito sa isang kustomer kada buwan at iyon pa ay kung sinwerte siyang may magpatawag sa kaniya.

Kung iisipin, ang laking pera ang nawala sa kaniya sa loob ng pandemya. Mula Abril 2020 hanggang Oktubre 2021, wala siyang palagiang kinikita. Kung bibilangin ay 19 buwan siyang napatigil sa paghahanapbuhay. Kung 300 pesos ang bawat serbis sa kustomer, sa sampung suking customer na nagpapaayos ng kuko dalawang beses sa isang buwan ay 114,000 na kaagad ang hindi niya kinita sa loob ng 19 na buwan.

SINGIL SA BAWAT KUSTOMER: 300

DAMI NG SUKING KUSTOMER: 10

SERBIS KADA BUWAN: 2

BUWAN NA WALANG TRABAHO: 19

300 x 2 = 600 pesos kada isang kustomer kada buwan

600 x 10 = 6000 pesos ang kita isang buwan

6000 x 19 = 114,000 pesos dapat sa panahon ng pandemya

Kahit man makakuha ng ayuda si Ligaya mula sa gobyerno ay hindi pa rin nito mapapalitan ang dapat na hindi bababa sa 114,000 pesos na dapat na kinita niya at ipinangsuporta sa kanyang pamilya. Kaya naman hindi makakaila ang lungkot at pighati na nararamdaman niya sa panahon ng pandemya. Dumagdag pa rito ang isyu ng kaniyang nars na anak na hindi nabibigyan ng tamang dagdag na sweldo sa kabila ng sakripisyon at hirap sa trabaho na pinagdadaanan nito. Malaking dagdag din sana sa kanilang pamilya kung mabigay na ng DOH ang nararapat nilang benepisyon ngunit kinailangan pa nilang magprotesta para lang marinig ukol dito.

Kaya naman nang dumating ang Pasko noong nakaraang taon ay trinato na lamang nila ito bilang normal na araw. Ang araw na puno dapat ng ligaya ay pinalagpas na lamang muna dahil wala namang mahain na espesyal para rito. Tila ang tanging regalo na lamang nila sa isa't-isa ay intindihin kung saan kukuha ng pantustos sa susunod pang mga linggo.

Sa pag-apaw ng kalungkutan bugkos ng mga epekto ng pandemya ay hindi masisi na mawalan na ng kumpiyansa at tiwala si Ligaya sa gobyerno. Bagaman mayroong lingguhang anunsyo ng kung ano ang ginagawa ng administrasyon para sa pandemya ay unti-unti na siyang hindi nakikinig dahil wala na rin naman itong direktang epekto sa sitwasyon niya. Tila ang kapalaran nila ay nasa kanilang kamay at kahit tanungin kung sa tingin ba ay may magbabago dahil parating na ang eleksyon ay wala na siyang direktang maisagot iniisip kung magagawa pa nga ba ng gobyerno ang ipinangako nilang trabaho nila.

Naramdaman rin naman niyang may kaunting nagbago sa gitna ng pandemya. Sapagkat pagdating ng Oktubre kung kailan bumaba na nang bahagya ang mga kaso at mayroon na ulit muling tumatawag sa kanyang mga kliyente. Ang tanging hiling na lamang niya ay magtuloy-tuloy na ang pagbaba ng kaso at pagdami ulit ng kliyente. Hindi man niya mabawi ang malaking halaga na nawala sa kaniya dahil sa kawalan ng trabaho ay sana magkaroon naman siya ng sapat ng pandagdag upang silang pamilya'y muling makaranas ng maligayang Pasko.

ChrisWhat Season:

Pasko sa mata ng ibang Relihiyon

SULAT NI **GINO MARTELLI O. GOCON**

Kumukutikutitap, bumubusibusilak, ganyan ang indak ng mga bumbilya tuwing paparating na ang kapaskuhan. Malapit nang muli ang panahong hinihintay ng nakararami; Nandito ang mga relihiyosong Kristiyano na ginugunita ang kabanalbanalang kapanganakan ng kanilang tinaguriang tagapagligtas; Ang iba na nagpapasalamat dahil sa 13th month pay, Christmas break, at panahon upang magbakasyon kasama ang kanilang mga mahal sa buhay; Gayundin ay ang mga kapitalistang inaasahan ang bugso ng mga mamimili ng iba't-ibang mga produkto at serbisyo. Ngunit, ano nga ba ang pasko sa mata ng mga kasapi ng ibang sangay ng Kristiyanismo at iba pang mga relihiyon.

Natural sa maraming sekta ng Kristiyanismo ang pagdiriwang ng Pasko, o ang pag-alaala sa kapanganakan ng kanilang tinaguriang Miseyas na si Hesukristo. Sa nakararami, kasama na ang Katolisismo, ipinagdiriwang ito sa ika-25 ng Disyembre taon-taon, at pina-uunlakan ng misa, mga panalangin, mga tradisyunal na seremonyas tulad ng pagtatayo ng Christmas Tree, pagkanta ng mga Christmas Carols, pagsasabit ng mga Christmas lights at lanterns, pagsasalo-salo sa Noche Buena, at iba pa, na karaniwan ay nahahango sa kultural na aspeto ng lugar na pinagdiriwang.

Sa iba, ito ay isinasagawa sa isang sekular na pamamaraan o pagdiriwang ng pasko labas sa relihiyosong aspeto nito. Katulad na lamang ng pagbabakasyon, ang mga OFW at mga nagtatrabaho sa Kamaynilaan ang umuuwi sa probinsya, mga Family Reunions at iba pang mga aktibidad. Kanilang ipinagdiriwang ang espiritu ng pagbibigayan, pagmamahalan, at pagkakaisa.

Bukod sa mga taong nagdiriwang ng pasko sa pamamaraang relihiyoso at sekular, nandiyan din ang mga hindi Kristiyano, o 'di kaya ay ang kanilang sektang kinabibilangan ay hindi ipinagdiriwang ang nasabing kaarawan. Marahil, isa sa mga naiisip natin na sangay ng Kristiyanismo na hindi nagdiriwang ng Pasko ay ang mga kasapi ng Iglesia ni Cristo. Ano nga ba ang pasko sa kanila? Paunawa, dahil sa pagkasensitibo ng mapag-uusapan ay napagkasunduan na itago ang kanilang mga pangalan, gayundin sa iba pang nakapanayam.

Ano ang pasko para sa inyo batay sa inyong relihiyong kinabibilangan?

"Hindi kami nagcecelebrate ng pasko pero may thanksgiving kami sa church. Ito ay pagpapasalamat namin sa Diyos sa lahat ng biyaya na binibigay nya samin bawat araw."

= Mareng Menorah

"Wala naman sa bible yung date ng birthday ni Hesus. Kaya wala sa aming church na magcelebrate ng Pasko."

- xX.MabaitNaKapatid.Xx

Ano ang karanasan ninyo tuwing Araw ng Pasko sa labas ng batas ng inyong relihiyong kinabibilangan?

"May kapitbahay kami na nagcecelebrate ng pasko, inaanyayahan kami na kumain sa kanilang bahay, nakikain ako kasi sayang ung grasya at pagkain kahit bawal. May experience din ako na naattend ng xmas party kasi gusto ko lang ung exchange gift, never ko pa kasi naranasan un"

- Mareng Menorah

"Dati nung bata ako nasama ako sa pangangaroling. Tapos ay naattend din ako nung Christmas Party namin dati. Minsan din yung aming kapitbahay ay may pakain, kaya nangangain kami. Tas yun ding sa motherside ko ay karamihan ay mga Katoliko ay nasama kami sa mga paskuhan at reunion."

xX.MabaitNaKapatid.Xx

Anong pagdiriwang sa inyong relihiyon ang maaari mong maihalintulad sa Pasko?

"May thanksgiving kami or pasasalamat. Ito ay labis namin kinakagalakan na kung saan nagpapasalamat kami sa Diyos sa lahat ng biyaya na kaniyang ibinibigay."

- Mareng Menorah

"Meron kaming Thanksgiving o pasasalamat. Dito ko naiisip yung parang equivalent ng pasko samin."

= xX.MabaitNaKapatid.Xx

Bukod sa mga kasapi ng Iglesia ni Cristo, ang mga kasapi din ng Seventh Day Adventist Church ay isang sangay ng Kristiyanismo na hindi nagdiriwang ng araw ng Pasko. Bakit nga ba?

Ano ang pasko para sa inyo batay sa inyong relihiyong kinabibilangan?

"Sa aming komunidad pang relihiyon hindi kami naniniwala na ang pasko o ang December 25 ay siyang araw ng kapanganakan ni Jesus sapakat ang Disyembre ay ay winter o taglamig at si Jesus ay ipinanganak ng Summer. Ngunit bilang pakikisama sa ibang tao kami ay nag hahanda rin sapagkat ito ay isang okasyon kung saan ay nag sasama sama ang isang pamilya. Hindi man kami nag cecelebrate ng pasko ngunit ginagawa namin itong paraan upang mag kasama sama bilang isang buong pamilya."

- Pareng Severino

Ano ang karanasan ninyo tuwing Araw ng Pasko sa labas ng batas ng inyong relihiyong kinabibilangan?

"Gaya ng sabi ko kami ay marunong umangkop sa pang mundong pag cecelebrate ngunit iba ang ibig sabihin ng pag cecelebrate ng amin relihiyon o pamilya."

-Pareng Severino

At Syempre, bukod sa mga sangay ng Kristiyanismo ay ang mga Muslim din ay isang pananampalatayang hindi nagdiriwang ng pasko. Ano nga ba ang kanilang pananaw tungkol dito?

Ano ang karanasan ninyo sa Pasko sa loob ng inyong relihiyon o komunidad na pinanggalingan?

"Bilang isang muslim na naninirahan sa isang komunidad kung saan ang karamihan ay Kristiyano, ang pagdiriwang ng Pasko ay isang okasyon na aking nasasaksihan lamang tuwing buwan ng Disyembre. Ngunit ako at ang aking pamilya ay hindi naranasan ang pagdiriwang ng okasyon na ito sapagkat ito ay ipinagbabawal sa aming mga Muslim. Gayunpaman, ang Pasko ay isang malaking pagdiriwang na ginagawang araw ng bakasyon kaya kami ay nakakapag pahinga rin."

- لووجم

Ano ang pananaw ninyo sa Pasko base sa inyong relihiyong pinaniniwalaan?

"Ayon sa paniniwala at turo ng Islam, si Isa (A.S.) o kilala sa pangalang Hesus sa kristiyano ay isang propeta na tagapagdala ng mensahe galing sa Allah (S.W.T.) para sa mga tao. Siya ay isang alipin o ginawa para pagsilbihan ang diyos. Ang kapanganakan ni Hesus ay hindi nabanggit o na detalye sa banal na Quran o Bibliya kaya ang pag diwang nito ay malinaw na walang kabuluhan. Ang araw ng kapanganakan ng isang tao ay hindi kailangan ipagdiwang nino man."

- لووجم

Ano ang pananaw ninyo sa Pasko base sa iyong sariling opinyon na labas sa inyong relihiyong kinabibilangan?

"Ayon sa aking pag obserba, ang Pasko ay mahalaga para sa mga kristiyano sapagkat ito ay isang relihiyosong pista na kung saan pinaghahandaan at nagsama-sama ang mag kapamilya. Ipinapakita nito ang importansya ng bawat miyembro ng isang pamilya. Nagpapakita rin ito ng magandang epekto sa komunidad tulad ng panghihikayat sa mga tao na magbigay at tumulong sa kapwa."

- لووجم

Anong pagdiriwang sa loob ng inyong relihiyon ang maaari mong maihalintulad sa Pasko?

"Ang Mawlid ang isa sa maaaring ihalintulad sa pasko sapagkat ito rin ay ginaganap sa araw ng kapanganakan ng propeta Muhammad(S.A.W.), Lunes 13 ng Rabi ul awwal sa Lunar Calendar, ngunit may pagkakaiba ang dalawang okasyon na ito: una(1), ang kaarawan ng propeta Muhammad(S.A.W.) ay may katibayan sa Hadith Sahih(strong hadith) o sa kasaysayan na siya ay ipinanganak sa araw ng lunes ng rabi ul awwal habang ang kaarawan ni Hesus ay walang patunay kung kailan ang saktong araw, buwan, o taon. Pangalawa(2), ang araw ng Mawlid ay hindi isang okasyon na may mga handaan tulad ng noche buena sa pasko o mga okasyon na magagarbo. Ito ay ginaganap para ipaalala sa mga muslim kung gaano kalaki ang sakripisyo at ang pagmamahal ng propeta Muhammad (S.A.W) sa kanyang mga ummat (nation/followers). At panghuli(3), sa araw ring ito nirerekomenda ang pag aayuno na hindi katulad ng pasko na may handaan at salo salo."

- لووجم

Ang Pasko ang isa sa pinakatanyag na pagdiriwang sa buong mundo. Marahil, mas marami ang kinikilala ang sekular na aspeto nito na kung saan ay ipinagdiriwang ang espiritu ng pagmamahal, pagbibigayan, at pagkakaisa. Para sa ilan, nakakabahala na makitang nababahiran ng mga makamundong kaugalian ang dapat ay isa sanang relihiyoso't banal na araw, tulad ng pagiging materialisktiko, at pagiging masyadong wild and free ng nakararami sa araw na ito. Para din naman sa iba, maganda ang naidudulot nito sapagkat naipaparating ang mensahe ng mabuting balita - ang pagmamahal - pati na rin sa mga hindi kasapi ng pananampalatayang Kristiyano. Ngunit para sa mga hindi nagdiriwang ng pasko, tila parang isang misteryo ang kanilang tinitingnan. Bakit nga ba nagdiriwang ng pasko at ano ang kahulugan nito para sa mga naniniwala sa mga nagpapalaganap nito? Minsan, nakakapagdala ito ng pag-aaway, kaguluhan, at hindi pagkakaintindihan sa mga tao. Ngunit, makikita ng mas nakararami, ginugunita man ang Araw ng Pasko o hindi, na sa isang araw sa isang taon ay nagkakaroon ng pagdiriwang upang magsamasama ang mga pamilya, mga kaibigan, at mga mahahalaga tao kanilang buhay upang gunitain nang Spirit of Love, Faith, and Hope tuwing ChrisWhat Season.

SINING NI **NICOLE MADRILEJO**



CAPACITY
GROSS WT. 4200
NET WT. 2100
T. PASS. 24
OPTR. N. PADILLA